**Pamagat**: Si Cristo at ang Pagsasailalim

**Bible Text**: 1 Pet. 2:21 "For even hereunto were ye called: because Christ also suffered for us, leaving us an example, that ye should follow his steps:"

*Pagsasalin*: Ito ang dahilan kung bakit kayo tinawag, sapagkat si Cristo ay nagdusa para sa atin, at nag-iwan siya ng halimbawa upang inyong sundan.

**Panimula**:
1. Pinag-aaralan natin ang mga turo ni Pedro patungkol sa pagpapasailalim at ito ay ang wastong saloobin ng mga anak ng Dios kahit sa gitna ng matitinding pagsubok.
2. Inaasahan ng Dios ang mga paghihirap sa buhay at binigyan niya tayo ng armas o sandata pero hindi ito "carnal" ito ay "spiritual."

## I. Tayo ay Tinawag ng Dios na Magpasailalim:
A. (v.21) – Ito ang dahilan kung bakit kayo tinawag. Ukol dito tayo ay tinawag ng Dios.
B. Ang pinaguusapan dito ay ang paghihirap dulot ng pag-gawa ng tama or wasto.
C. Itong paghihirap ay kinakailangan at kasama sa buhay Christiano. Napaka importante. Ito ay "calling" sa buhay natin.

## II. Tayo ay Binigyan ng Halimbawa: Si Cristo.
A. (v.21) – Si Cristo ay nagdusa para sa atin. (Mga modernong salin: nag iwan siya ng halimbawa sa "inyo."
B. "Christ died for us" (Rom. 5:8); Makes intercession for us (Rom. 8:26); sacrificed for us (1 Cor. 5:7); He was made a curse for us (Gal. 3:13); given himself for us (Eph. 5:2); entered into the Holy Place and obtained eternal life for us (Heb. 9:12). – "para sa atin." – Ano ang ginagawa natin para sa Kanya?
C. (v.21) – dapat sumunod tayo sa kanyang mga yapak o sa kanyang mga hakbang. – (Jn. 13:15; 1 Jn. 2:6). Siguradong inisip ni Peter ang mga events ng foot washing nila sa kamay ng Panginoon.
  - C.1. (v.22) - Wala siyang ginawang anumang kasalanan, at sa bibig niya'y walang kasinungalingang natagpuan – (Isa. 53:9)
  - C.2. (v.23) - Nang siya'y alipustain, hindi siya gumanti; nang siya'y nagdusa, hindi siya nagbanta, (Isa. 53:7)
  - C.3. (v.23) - kundi ipinagkatiwala ang kanyang sarili doon sa humahatol na may katarungan.
  - C.4. (v.24) - Dinala niya sa kaniyang sariling katawan ang ating mga kasalanan sa ibabaw ng kahoy upang tayo na namatay sa kasalanan ay maging buhay sa katuwiran at dahil sa kaniyang sugat kayo ay gumaling. – (Isa. 53:4-6, 11)
  - C.5. (v.25) - Sapagkat kayo'y tulad ng mga tupang naligaw ng landas,- (Isa. 53:6)

D. (v.25) - ngunit ngayon ay nagbalik na kayo sa kanya, siya na Pastol at Tagapag-alaga (o Tagapangasiwa) ng inyong mga kaluluwa.
  - D.1. Si Cristo ay ang ating good Shepherd (Jn. 10:11, 14, 16).
  - D.2. Si Cristo ang nangagasiwa sa kaluluwa ng lahat ng kanyang mga alagad. Bilang kanyang tupa kahit na mumunti tayo o nag-iisa lamang tayo ay na sa ilalim ng kanyang pangangalaga. Bibisatahin niya tayo, aalagaan niya tayo, siya ang magpro-provide para sa atin, lilinisin niya tayo, binabantayan niya tayo, tinuturan niya tayo.

**Katapusan**:
1. Ang alternatibo sa paghihiganti ay ang pagsasailim sa Dios. (v.23) - kundi ipinagkatiwala ang kanyang sarili doon sa humahatol na may katarungan.
2. Tandaan: may grasya ang Dios sa mukha ng Panginoong Jesus para sa lahat ng kanyang mga alagad na nagpapasailim sa Kanyang mabuting kamay.